GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

5

# EPP

Unang Markahan– Modyul 5: Linggo 5

## Nakapagbebenta ng Natatanging Paninda

Grace S. Belleno



SMILE

SUPPORT MATERIAL FOR INDEPENDENT LEARNING ENGAGEMENT (SMILE)

A Joint Project of the
SCHOOLS DIVISION OF DIPOLOG CITY
and the
DIPOLOG CITY GOVERNMENT

**Edukasyong Pantahan at Pangkabuhayan – Ika-5 Baitang**
**Support Material for Independent Learning Engagement (SMILE)**
**Unang Markahan – Modyul 5: Nakapagbebenta ng Natatanging Paninda**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** **Grace S. Belleno**
**Editor:** **Vicente S. Araneta Jr.**
**Tagasuri:** **Vicente S. Araneta Jr.**
**Tagaguhit:**
**Tagalapat:** **Vicente S. Araneta** Jr.
**Tagapamahala:** Virgilio P. Batan -Schools Division Superintendent
Jay S. Montealto -Asst. Schools Division Superintendent
Amelinda D. Montero -Chief Education Supervisor, CID
Nur N. Hussien -Chief Education Supervisor, SGOD
Ronillo S. Yarag -Education Program Supervisor, LRMS
Leo Martinno O. Alejo -Project Development Officer II, LRMS

**Inilimbag sa Pilipinas ng**

**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**

Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City

Telefax: (065) 212-6986

E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph

**Aralin 1**

# Nakapagbebenta ng Natatanging Paninda

Ang buhay ay parang isang gulong. Lalo na aspetong pangkabuhayan. Minsan ikaw nasa ibaba o ibabaw, kaya dapat itong paghandaan. Ngayon isa na namang aralin ang iyong matutunan tungkol sa pagbebenta ng natatanging paninda.



## *Balikan*

Tukuyin ang mga taong nagbibigay ng angkop na produkto at serbisyo. Isulat ang__**P** kung ito ay produkto at__**S** kung serbisyo.

1. Naggawa ng bag __________
2. Nagsulat ng aklat __________
3. Computer technician _________
4. Dentista _________
5. Mananahi _________

# *Tuklasin*

**Pag-aralang mabuti ang mga larawan at sabihin kung paano ito nakatulong sa pamumuhay ng tao. Ilagay ang iyong sagot sa papel.**



Photo credit from Google

1. ____________________________________________
____________________________________________


Photo credit from Google

2. ____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________



3. ____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________



Photo credit from Google

4.

________________________________
________________________________
________________________________
________________________________



## *Suriin*

Ang galing mo bata! Nabuksan na ba ang iyong kaisipan at interes sa araling ito?

Ang mga tao ay may ibat' ibang pangangailangan. Maaari itong,pampisikal, intelektuwal, sosyal, o emosyonal. Maaaring matugunan ng ibat' ibang produkto o serbisyo ang halos lahat ng pangangailangan ng tao. Nagkakaiba din ito sa pamamaraan ng pagbebenta,pag-aalok sa mga tao,sa pagkuha o paghingi ng kabayaran.

Kadalasan, karaniyang itinatayong negosyo ay iyong mga nakakatugon sa mga pangunahing pangangailangang pisikal ng tao tulad ng pagkain, damit, at tirahan.

Ang isang *entrepreneur* ay kailangang maging masinop at malikhain. Sa dinami-rami ng mga produktong mabibili ngayon, ano kaya ang maaaring gawin upang makapagbigay ng mga natatanging produkto sa pamilihan? Ito ang ilang mungkahi para sa nagsisimulang magnenegosyo.

1. Pumili ng isang produkto na nais gawin o ibenta.

2. Magmasid sa mga pamilihan ng mga kaparehong produkto upang makakuha ng dagdag na kaalaman hinggil sa presyo, materyales, sangkap, kulay at iba pa.Kung kakayahin, maaaring bumili ng paisa-isang piraso ng kahawig na produkto para magsilbing halimbawa sa paggawa ng produkto (innovation).

3. Maaaring humingi rin ng mga opinyon sa mga kakilala at mamimili ukol sa pagbuo ng isang desinyo tulad ng hugis, laki, sangkap, materyales at kulay.Maaring hawig sa mga halimbawa, na may pinalitan lamang na ilang bahagi.

4. Gumawa ng *prototype o* halimbawa ng naisip na bagong produkto. Subuking gamitin nang malaman kung gumagana at matibay ito.Maaaring ipagamit din ito sa ibang tao para bigyan ng ebalwasyon, kumento, at suhestiyon

5. Kung may mga negatibong puna, maaring baguhin ito pagbutihin at pagbutuhin pa sa sususnod na prototype hanggang sa matamo ang tamang produkto na maaring ialok sa mga mamimili.

6. Kung nagnanais na mamuhunan at magbenta, maaaring magpatulong sa *Department of Trade and Industry* (DTI) upang makakuha ng mga ideya sa pagdidisenyo at pagbuo ng mga produkto(product development).

*4*

## *TANDAAN*

- Anumang negosyo ang maisipang simulan, tandaan ang mga * sumusunod:

  * Kumuha ng *Certificate of Business Name Registration* (depende sa laki ng negosyo)
  * Kumuha ng *Barangay o Municipal Clearance* (depende sa laki ng negosyo)
  * Kumuha ng *Business Permit* mula sa mayor's office.
  * Kumuha din ng (TIN) para naman sa pagbabayad ng buwis
  * Kumuha ng *Health Certificate* sa Municipal/city Health office para sa mga food handlers



# Pagyamanin

Gawain 1
Basahing mabuti ang bawat salaysay. Lagyan ng √ kung itoy nakapagbenta ng natatanging paninda/produkto.

☐ 1. Isang nanay si Glenda ,para dagdag kita gumawa agad siya ng pamaypay at ibeninta ang mga ito.

☐ 2. Gustong magkaroon ng pagkakitaan si Arman,kaya pinaghandaan niya ang negosyong paggawaan ng bag.Bumili siya ng mga bags bilang sample at pinag-aralan ito,mula materyales,kulay at desinyo.

☐ 3. Ninais ni Aling Marta na magbukas ng maliit na negosyo na paghahabi pero wala siyang ideya kaya lumapit siya sa *Department of Trade and Industry* (DTI) upang matulungan siya sa pagdedesinyo at sa pagbuo ng produkto (product development).

☐ 4. Si Gilda ay gustong magkaroon ng dagdag kita,kaya nagtayo siya ng karendirya kahit wala siyang health certificate mula sa kanilang Health Center.

☐ 5. Isang OFW si Marti at ayaw na niyang bumalik sa ibang bansa.Kaya nagtayo siya ng isang furniture shop. Gumawa muna siya ng prototype o sample product upang masubukan ang tibay nito saka niya ito ibeninta.



# *Isaisip*


***TANDAAN***

A. **Anumang negosyo ang maisipang simulan, huwag kalimutan ang sumusunod:**

* Kumuha ng *Certificate of Business Name Registration mula sa Department of Trade and Industry* (DTI)(depende sa laki ng negosyo)
* Kumuha ng *Barangay o Municipal Clearance* (depende sa laki ng negosyo)
* Kumuha ng *Business Permit* mula sa mayor’s office.
* Kumuha din ng (TIN) para naman sa pagbabayad ng buwis
* Kumuha ng *Health Certificate* sa Municipal/city Health office para sa mga food handlers.

**B. Ilang mungkahi para sa nagsisimulang magnenegosyo.**

* Pumili ng isang produkto na nais gawin o ibenta.
* Magmasid sa mga pamilihan ng mga kaparehong produkto upang makakuha ng dagdag na kaalaman
* Maaaring humingi rin ng mga opinyon sa mga kakilala at mammimili
* Gumawa ng *prototype o* halimbawa ng naisip na bagong produkto.
* Kung may mga negatibong puna, maaring baguhin ito pagbutihin pa hanggang sa matamo ang tamang produkto na maaring ialok sa mga mamimili.
* Kung nagnanais na mamuhunan at magbenta, maaaring magpatulong sa *Department of Trade and Industry* (DTI).



## ***Isagawa***

**Sagutin ang tanong sa kahon o table.**

**Ano-anu ang mga produkto na maaaring ibenta sa inyong pamayanan(barangay)?**
**Bilugan ang inyong sagot.Gawin ito sa sagutang papel o kwaderno**

| | |
|---|---|
| 1. barko | 6. prutas |
| 2. bag na yari sa nito | 7. banig |
| 3. mamahaling kotse | 8. gusali |
| 4. pagkain sa karinderya | 9. kakanin |
| 5. gulay | 10. eroplano |



## *Tayahin*

**Panuto: Basahing mabuti ang bawat pangungusap at piliin ang titik ng tamang sagot.Gawin ito sa sagutang papel o kwaderno.**

1. Alin sa mga sumusunod ang maaring pagkakitaan ng isang batang katulad mo?
   A. Pag-aayos ng gadgets C. Pagtitinda ng alahas
   B. Paggawa ng muebles. D. Pagtitinda ng polvoron.

2. Si Aleng Susan ay nagbalak magtayo ng sari-sari store.Gusto niyang itayo ito sa pinakasentro ng kanilang lugar. Bakit?
   Doon niya ito itatayo para ito ay______.
   A. mas madaling makita ng kustomer
   B. mas madali niyang maipamigay ang pagkain
   C. mas madaling utangin
   D. mas maging masarap ang pagkain

3. Isang maghahabi si Nora.Alin sa sumusunod ang kanyang produktong maibenta?
   A. basket B. kotse C. libro D. sapatos

4. Alin sa sumusunod ang gawaing pagkakitaan sa tapat ng bahay sa maliit na puhunan?
   A. pagbubukas ng restaurant
   B. pagbubukas ng shoe shop
   C. pagtitinda ng alahas
   D. pagtitinda ng babana toron

5. Alin sa sumusunod ang maliit na negosyo na maaring pagkakakitaan?
   A. Pagtatayo ng Mall C. Pagtitinda ng kakanin
   B. Pagtatayo ng gasolinahan D. Pagtatayo ng repair shop

6. Nagtitinda ng tinapay si Mang Pablo,nakatanggap siya ng negatibong puna mula sa kanyang kustumer.Ano ang kanyang gagawin?
   A. Ipatawag sa barangay ang nagbigay ng negatibong puna at kasuhan.
   B. Awayin kaagag ang nagbigay ng negatibong puna.
   C. Pag-isipang mabuti ang natanggap na puna at gawin itong gabay sa gagawing pagbabago ng produkto.

D. Pagtawanan na lamang ang mga puna ng kustomer.

7. Sa mataong lugar tulad ng plasa ,alin ang maaring itinda?
A. de latang pagkain B. gamot C. mesa D.street foods

8.Nais magtiinda ng kakanin si Ana.Ano ang dapat gawin bago simulan ang maliit na negosyo?
A. Kumuha ng health certificate.
B. Mangutang ng malaking puhunan sa bangko.
C. Magtrain ng maraming tauhan.
D. Magpatayo ng gusali.

9. Nagisip ang pamilyang Santos na magtayo ng negosyo.Ito ay isang restaurant. Sa aling ahensya siya lalapit para makakuha ng certificate of business name registration?
A. Department of Trade and Industry (DTI)
B. Department of Health (DOH)
C. Department of Education (DEPED)
D. Department of Justice (DOJ)

10. Nag-isip si Linda na gagawa ng pamaypay na yari sa kawayan.Ano ang dapat niyang gawin upang maging katangi-tangi ang kanyang produkto?
A. Gayahin ang desinyo ng iba.
B. Gumawa muna ng prototype o halimbawa ng produko upang masubukan ang tibay at makapaisip ng mas magandang desinyo.
C. Gumawa ng maraming prototype o halimbawa ng produkto at ipamigay sa mga tao.
D. Simulan kaagad ang paggawa ng produkto para kaipon kaagad.

## *Karagdagang Gawain*

**Alamin Mo! Magsaliksik ng iba pang mga ahensiya ng pamahalaan na maaring makatulong sa pagnenegosyo at kung anu-ano ang ginagawa ng mga ito.**

| Ahensiya ng Pamahalaan (makatulong sa pagnenegosyo) | Mga Gawin NIla |
| --- | --- |
| | |

# *Susi sa Pagwawasto*

***TAYAKIN***

| | |
|---|---|
| ***1. D*** | ***6. C*** |
| ***2. A*** | ***7. D*** |
| ***3. A*** | ***8. A*** |
| ***4. D*** | ***9. A*** |
| ***5. C*** | ***10. B*** |

***ISAGAWA MO***

***1.***
**2. bag na yari sa nito**
**3.**
**4.pagkain sa karinderya**
***5. gulay***
***6.prutas***
***7.banig***
***8.***
***9. kakanin***
***10.***

***SUBUKIN MO***

1. **Ito ay tungkol sa kabuhayan/pagkakakitaan.**
2. **Si Mang Andoy.**
3. **Nalugi ito dahil sa pandemya.**
4. **pagtitinda ng kakanin**
5. **Katuwang niya ang kanyang asawang si Nely at mga anak sina Jean at Alex.**
6. **Kumuha siya ng Medical Certificate.**
7. **Iwasto ng guro ang sagot ng mga bata.**

***PAGYAMANIN***

***1.***
***2.*** √
***3.*** √
***4.***
***5.*** √

***TUKLASIN***

1. ***pagtitinda ng barbecue***
2. ***paglalala ng banig***
3. ***paggawa ng mga muebles/ furniture***
4. ***pagtitinda gamit ang truck/ rolling store***

***PAGYAMANIN***

***Iwasto ng guro ang mga sagot ng mga bata.***

## *Sanggunian*


- **Most Essential Learning Competencies (MELCs)-*EPP5IE-Ob-5,p 403***
- ***DepEd Textbook- Kaalaman at Kasanayan Tungo sa Kaunlaran 5,p6***
- **mga larawan na kinuha sa *Google***

https://www.pinterest.ph/pin/411516484670707528/

http://filamvoicemaui.com/favorite-filipino-street-foods/

https://www.insidermonkey.com/blog/15-best-selling-food-truck-foods-and-menu-items-603694

https://www.alamy.com/production-of-furniture-cebu-island-philippines-image233261385.html